Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

12 Mayo 2019 Ika-4 na Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay Taon K

## LINGGO NG MABUTING PASTOL
## ARAW NG PANALANGIN PARA SA MGA RELIHIYOSONG BOKASYON

# *Si Hesukristong Mabuting Pastol*

*Tayo ay nagdiriwang ng Ikaapat na Linggo ng Muling Pagkabuhay. Ito'y tinatawag ding Linggo ng Mabuting Pastol. Binibigyang-diin si Hesus na Mabuting Pastol at ang kanyang mga hinirang na pastol ng Bayan ng Diyos. Ipinapanalangin din sa Linggong ito ang pagsusugo ng Diyos ng ibayo pang maglilingkod sa Simbahan sa pagpapari, sa buhay ng pagtatalaga ng sarili sa Diyos, at sa buhay ng paglilingkod sa kapwa-tao.*

*Ang Mabuting Pastol ay walang itinatangi sa kanyang kawan. Lahat ng kanyang mga tupa ay mahalaga sa kaniya, kahit na – at lalo na – ang mga naliligaw ng landas. Paghihirapan niyang maibalik sila sa mainam na pastulan ng tahanan ng Diyos. Magtiwala tayo sa pagmamahal at pangangalaga ni Hesus na ating Mabuting Pastol.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Pag-ibig ng D'yos na tapat, sa daigdig ay laganap. Sa salita n'ya'y natatag, kalangitan sa itaas. Aleluya ay ihayag!**

### Pagbati

***P–*** Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong ating Mabuting Pastol, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

***B* – At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P–*** Madalas tayong lumayo kay Hesus na ating Mabuting Pastol. Magbalik-loob tayo sa kaniya at humingi ng tawad para sa ating paglalayas at pagkakasala. *(Manahimik sandali.)*

***P –*** Para sa aming kakulangan ng pananampalatayang tunay kaming mahalaga sa iyo, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P –*** Para sa aming kakulangan ng pag-asang hahanapin mo kami kapag kami ay naliligaw ng landas, Kristo, kaawaan mo kami!

***B* – Kristo, kaawaan mo kami!**

***P –*** Para sa aming kakulangan ng pagmamahal at pagtanaw ng utang na loob sa iyo para sa iyong paghihirap para sa amin, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P –*** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

***B* – Amen!**

### Papuri

***B–*** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

***P–*** Ama naming makapangyarihan, akayin mo kami upang kami'y mapabilang sa mga maliligayang kapiling mo sa kalangitan upang sa pagsunod namin bilang abang kawan, kami'y makarating sa sinapit ng pastol na idinangal na siyang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Gw 13:14.43-52*

*Ang magandang balita ng kaligtasan ay unang ipinahayag sa mga Hudyo. Ang kanilang hindi pagtanggap ang nagtulak sa mga apostol na buksan ang pintuan ng kaligtasan sa mga Hentil. Walang itinataboy paalis sa kawan ng Mabuting Pastol.*

***L –***Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

**Noong mga araw na iyon: Mula sa Perga, nagpatuloy maglakbay sina Pablo at Bernabe at dumating sa Antioquia ng Pisidia. Nang Araw ng Pamamahinga, pumasok sila sa sinagoga at naupo. Pagkatapos ng pulong, sumunod kina Pablo at Bernabe ang maraming Judio at mga nahikayat sa Judaismo. Nag-salita sa kanila ang mga apostol at pinangaralan silang magpatuloy sa pamumuhay nang nararapat sa kagandahang-loob ng Diyos.**

**Nang sumunod na Araw ng Pamamahinga, halos lahat ng tao sa lunsod ay nagkatipon upang pakinggan ang salita ng Diyos. Inggit na inggit ang mga Judio nang makita nila ang maraming tao, kaya't nilait nila at sinalungat si Pablo. Ngunit buong tapang na sinabi nina Pablo at Bernabe, "Sa inyo muna dapat ipahayag ang salita ng Diyos. Yamang itinakwil ninyo ito, hinatulan ninyo ang inyong sarili na hindi karapat-dapat sa buhay na walang hanggan, kaya't pupunta kami sa mga Hentil. Sapagkat ganito ang iniutos sa amin ng Panginoon: 'Inilagay kita na maging ilaw sa mga Hentil upang maibalita mo ang kaligtasan hanggang sa dulo ng daigdig.' "**

**Nagalak ang mga Hentil nang marinig ito, at nagpuri sa Panginoon dahil sa salita niya; at sumampalataya ang mga hinirang para sa buhay na walang hanggan.**

**Kaya't lumaganap sa buong lupain ang salita ng Panginoon. Ngunit sinulsulan ng mga Judio ang mga babaing sumasamba sa Diyos at kilala sa lipunan, gayon din ang mga lalaking pinuno ng lunsod: ipinausig nila sina Pablo at Bernabe, at pinalayas sa lupaing iyon. Kaya't ipinagpag ng dalawa ang alikabok sa kanilang mga paa bilang saksi laban sa mga tagaroon, at sila'y nagtungo sa Iconio. Ang mga alagad naman sa Antioquia ay natigib ng galak at napuspos ng Espiritu Santo.**

Ang Salita ng Diyos!

***B –* Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Awit 99***

***B –Lahat tayo'y kanyang bayan, kabilang sa kanyang kawan!***

*R. M. Velez*




*** Umawit sa kagalakan ang lahat ng mga bansa! Panginoo'y papurihan, paglingkuran siyang kusa. Lumapit sa harap niya at umawit na may tuwa!** ***B.***

*** Ang Panginoo'y ating Diyos! Ito'y dapat malaman, tayo'y kanya, kanyang lahat, tayong lahat na nilalang. Lahat tayo'y bayan niya, kabilang sa kanyang kawan.** ***B.***

*** Mabuti ang Panginoon, pag-ibig niya'y walang hanggan; siya'y Diyos na mabuti't laging tapat kailan-man.** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***Pah 7:9 14-17***

*Ang Aklat ng Pahayag ay isinulat upang palakasin ang loob ng mga unang Kristiyanong nahaharap sa pag-uusig. Ang lahat ng tao mula sa bawat bansa, lahi, bayan, at wika ay kaanib sa kawan ng Kordero ng Diyos.*

***L –***Pagpapahayag mula sa Aklat ng Pahayag

**Akong si Juan ay nakakita ng napakaraming taong di kayang bilangin ninuman! Sila'y mula sa bawat bansa, lahi, bayan, at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, nakadamit ng puti at may hawak na mga palaspas. At sinabi ng isa sa mga matatanda sa akin, "Sila ang mga nagtagumpay sa kabila ng mahigpit na pag-uusig.**

**Nilinis nila at pinaputi sa dugo ng Kordero ang kanilang damit. Iyan ang dahilan kung bakit sila nasa harap ng trono ng Diyos at naglilingkod sa kanya araw-gabi sa templo niya. At ang nakaluklok sa trono ang kukupkop sa kanila. Hindi na sila magugutom o mauuhaw.**

**Hindi na sila mabibilad sa araw o mapapaso ng anumang matinding init. Sapagkat ang Korderong nasa gitna ng trono ang magiging pastol nila. Sila'y dadalhin niya sa mga bukal ng tubig na nagbibigay-buhay; at papahirin ng Diyos ang luha sa kanilang mga mata."**

Ang Salita ng Diyos!

***B –* Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** ***Jn 10:14***

***B –* Aleluya! Aleluya!**
**Ako'y pastol na butihin, kilala ko'ng tupang akin; ako'y kilala nila rin.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Jn 10:27-30***

*Ang siping ito sa Ebanghelyo ni Juan ay naglalahad ng ugnayan sa loob ng kawan ng Mabuting Pastol. Kilala ng mga tupa ang kanilang Pastol at sila naman ay kilalang-kilala rin ni Hesus. Inaalagaan sila ng Panginoon, pinagtatanggol sa kapahamakan, at pinapangakuan ng buhay na walang hanggan.*

***P –***Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

***B –* Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus: "Nakikinig sa akin ang aking mga tupa; nakikilala ko sila, at sumusunod sila sa akin. Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan, at kailanma'y di sila mapapahamak; hindi sila maaagaw sa akin ninuman.**

**Ang aking Ama, na nagbigay sa kanila sa akin, ay lalong dakila sa lahat, at hindi sila maaagaw ninuman sa aking Ama. Ako at ang Ama ay iisa."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B –* Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B –*** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.

Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

***P–***Manalangin tayo sa Diyos na siyang humirang kay Hesus bilang ating Mabuting Pastol. Ang ating sasambitin ay:

***B* – Amang nagbigay sa amin ng Mabuting Pastol, dinggin Mo ang aming panalangin!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang matularan nila ang pagiging Mabuting Pastol ni Kristo para sa kanilang kawan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay mapalakas nila ang kanilang pakikipagugnayan sa kanilang kapwa kabataan at nang magkaroon si Kristo ng isang nagkakaisang kawan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang makita nila ang kanilang mga sarili na pastol ng mga mamamayan sa mga bagay ng daigdig na ito, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga kabataang tinatawag sa buhay ng paglilingkod, upang bukas-loob nilang tugunin ang tawag ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa masayang pagdiriwang na ito, upang makipagtulungan tayo sa ating mga pastol sa pagbuo ng isang malusog at nagkakaisang Bayan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. *(Tumigil sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

***P –***Ama naming laging nangangalaga sa amin, isugo Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang pagbuklurin kami sa pagmamalasakit at pagkakaisa sa kawang itinatag ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon. ***B*–Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P –***Manalangin kayo. . .
***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P –*** Ama naming Lumikha, ipagkaloob mong kami ay magalak sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay ng iyong Anak upang ang ginagawang patuloy na pagsagip sa amin ay maging sanhi ng aming ligayang walang maliw sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

### Prepasyo ng Pagkabuhay III

***P –*** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Naghahaing walang humpay ang Anak mong minamahal upang magkasalu-salo ang tanan sa piging ng iyong buhay. Hindi na mamamatay ang inihain sa krus. Ang sa krus ipinako'y buhay lagi bilang handog.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B* – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B* – Sa krus mo't pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

## PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**
***P –*** Hinihiling namin . . .
***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos . . .**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P –*** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Aleluya! Nabuhay din ang Pastol nating butihing namatay para sa atin; sarili n'ya'y inihain upang tayo ay buhayin.**

### Panalangin Pagkapakinabang

***P–***Ama naming mapagmahal, ikaw ang butihing Pastol na nagtataguyod sa amin kaya't kaming kawan mo ay iyong tangkilikin. Pakundangan sa dugo ng Anak mong dumanak upang kaming lahat ay iyong mailigtas, marapatin mong kami'y makarating sa pastulan na inilalaan mo sa amin ngayon at kailanman sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P –***Sumainyo ang Panginoon.
***B* – At sumaiyo rin!**

***P –***Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
***B* – Amen!**

***P –***Humayo kayo sa kapayapaan para mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B* – Salamat sa Diyos!**

# Munting Katesismong Pampaskuwa sa Taon ng mga Kabataan

***(P. René T. Lagaya, SDB)***

**ANG MGA HINIRANG NG DIYOS**

**Panimula:** Ang isang taong hinirang ay nakatalaga sa isang kakaibang tungkulin. Mayroon siyang tanging misyon para sa mga tao. Madalas ay may idinaraos na pagdiriwang ng pagtatalaga sa kaniya.

**Pagpapalalim:** Sa Lumang Tipan ay may tatlong uri ng taong hinirang ng Diyos: (1) ang Pari, (2) ang Hari, at (3) ang Propeta. Sila ay itinalaga sa pamamagitan ng pagbubuhos ng banal na langis sa kanilang mga ulo.

**Pagbasa: Juan 10:27-30**

**Buod:** Ang unang taong hinirang ng Diyos ay ang **Pari**: *"Ipatawag mo ang kapatid mong si Aaron at ang mga anak niyang sina Nadab, Abiu, Eleazar, at Itamar. Ibukod mo sila sa karamihan ng mga Israelita upang maglingkod sa akin bilang mga saserdote" (Exodo 28:1). "Isuot mo kay Aaron ang turbante . . . pagkatapos, pahiran mo ng langis ng pagtatalaga ang kanyang ulo bilang pagtatalaga sa kanya" (Exodo 29:6a.7).*

Ang ikalawang taong hinirang ay ang **Hari**: *"Sinabi ng Panginoon kay Samuel, 'Magdala ka ng langis at pumunta ka kay Jesse na taga-Betlehem, sapagkat pinili ko nang maging hari ang isa sa kanyang mga anak'" (1Samuel 16:1b). "At sinabi ng Panginoon kay Samuel, 'Siya ang hinirang ko; pahiran mo siya ng langis.' Kinuha ni Samuel ang sisidlan ng langis at pinahiran si David sa harapan ng kanyang mga kapatid. At mula noon, sumakanya ang Espiritu ng Panginoon." (1Samuel 16:12b-13a)*

Ang ikatlong taong hinirang ay ang **Propeta**: *"Pahiran mo ng langis si Eliseo na anak ni Safat na taga-Abel-Mehola, bilang propetang hahalili sa iyo" (1 Hari 19:16b).*

Si Hesus ay ang Mesias o Kristo, na ang ibig sabihin ay Hinirang, dahil siya ay Pari, Hari, at Propeta. Ang hinirang ay ibinukod sa karamihan para sa gawain ng Diyos. Ang pagbubuhos sa kaniya ng banal na langis ay sagisag ng pagpanaog ng Espiritu Santo. Kaya pagkatapos mabinyagan si Hesus sa Ilog Jordan, pagkatapos niyang tanggapin ang tungkulin bilang Mesias o Kristo, ay *"nakita niya ang Espiritu ng Diyos, bumababa sa kanya, gaya ng isang kalapati" (Mateo 3:16b).* Bilang Pari, siya ang mamamagitan sa Diyos at sa tao. Bilang Hari, siya ang mangangalaga sa mga tao bilang kanilang Pastol. Bilang Propeta, siya ang magdadala sa tao ng pahatid ng Diyos.

**Pagsasabuhay:** Noong tayo'y bininyagan, pinahiran din tayo ng Banal na Langis ng **Kris**ma sa ulo upang ipakitang tayo ay tulad na ni **Kris**to, ang hinirang, ang Pari, Hari, at Propeta. Kailangang tulungan ang ating mga kabataang pangatawanan ang kanilang pagiging mga hinirang katulad ni Kristo. Dapat silang palakihin sa panalangin bilang Pari, sa paglilingkod sa kanilang kapwa bilang Hari, at sa pagsasabuhay ng Salita ng Diyos bilang Propeta.

**Pagdiriwang:** "Ama naming makapangyarihan, ginawa Mo kaming mga pari, hari, at propeta alinsunod sa halimbawa ng Iyong Anak, ang tanging Hinirang. Isugo Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang mapangatawanan namin ang aming mga tungkulin bilang mga alagad ng Iyong Anak na si Hesus, ang Kristo at Panginoong naghahari magpasawalang hanggan. Amen!"








**Tuklasin . . .**

**Ang kapangyarihan ng Muling Pagkabuhay ni Kristo – ang mga bunga, mga mensahe at mga paghamon!**

**Mabibili sa Word & Life Bookstore, at ibang relihiyosong tindahan!**



**WORD & LIFE PUBLICATIONS**

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** Fr. B. Nolasco • ***Circulation:*** R. Saldua